# Ano Ang Maari Kong Gawin Kung Makatanggap Ako Ng Singil sa Medikal?

**Kung wala kang seguro pangkalusugan, tanungin ang mga tanong na ito:**

## Tignan ang listahan o singil. Natanggap mo ba ang mga serbisyong iyon?

Tawagan ang namamahala (provider) kung hindi mo maintindihan kung anong serbisyo and nasa listahan. May karapatan kang humingi ng detalyadong kuwenta na naglilista ng lahat ng mga serbisyo na natanggap mo at kung kalian mo sila natanggap. Kung may mga serbisyo na hindi mo natanngap, hilingin mo sa namamahala (provider) na tanggalin ang mga iyon.

## Nag-aplay ka na ba sa Medi-Cal?

Maari kang makatangap ng Medi-Cal kahit na nagtratrabaho ka. Kung mayroon kang mga anak, maaari silang maaprobahan para sa Medi-Cal kahit na hindi ka maaprobahan.

Maaari ring bayaran ng Medi-Cal ang mga utang mo sa tatlong(3)buwan BAGO ka nasa Medi-Cal. Halimbawa, kung nagpunta ka sa ospital noong Marso, maari kang mag- aplay sa katapusan ng Hunyo upang makuha ang nauukol na singil (coverage). Ngunit huwag kang maghintay para mag-aplay. Humingi ka ng "retroactive coverage" kapag nag-aplay ka para sa Medi-Cal upang bayaran ng Medi-Cal ang mga singil na iyon. Ibigay mo sa iyong Medi-Cal" worker" ang kopya ng listahan ng singil. Pagkatapos mong mag-aplay para sa Medi-Cal, tawagan mo ang numero sa listahan ng singil at sabihin mo sa kanila na nakabinbin (pending) ang iyong Medi-Cal. Maaari kang mag-aplay para sa Medi-Cal sa ospital, sa klinika ng komunidad, sa paaralan ng iyong anak, sa opisina ng tanggapan ng panlipunang serbisyo ng iyong county (county's social service) o kaya online sa www.coveredca.com.

## Ikaw ba ay karapat-dapat para sa programang medikal na serbisyo ng iyong county?

Ang mga residente ng county na walang ibang paraan upang magbaya para sa pangangalagang pangkalusugan (health care) ay maaring makakuha ng serbisyo sa pamamagitan ng kanilang programa sa serbisyong medical ng county. Kung hindi ka nasabihan tungkol sa programa ng iyong county, tanungin mo ang ospital o klinika na nagpadala sa iyo ng listahan ng singil kung bakit hindi ka nasuri (screened) para sa programa ng serbisyong medical ng county. Maaari mo ring kontakin ang iyong departamento ng kalusugan ng county.

## Kamakailan lang ba na nawalan kayo ng seguro sa iyong trabaho?

Dapat kang mag aplay para sa Medi-Cal o Covered California sa www.coveredca.com o sa opisina ng county social services. Para sa Covered California, dapat kang mag-aplay sa loob ng 60 na araw mula sa pagkawala ng iyong seguro pankalusugan o umpisa ng taong tumatangap sila ng aplikasiyon (open enrollment). Kung hindi makita ang mga doktor na gusto mo sa Medi-Cal or Covered California, maari kang makakuha ng coverage ng COBRA. Papayagan ka COBRA na ituloy mong gamitin ang iyong segurong pangkalusugan kung umalis ka sa trabaho mo o kung mawalan ng seguro pangkalusugan ng inyong asawa. Tanungin mo ang iyong huling trabaho kung maaari mo pa ring piliin and coverage ng COBRA. Kakailanganin mong bayaran ng buong "premium" ng segurong pangkalusugan kung makakakuha ka ng COBRA coverage.

*(continued)*

## Ang listahan ng singil ba ay galing sa Ospital?

Ang mga ospital sa CA kinakailangang mag-alok ng pag-aalaga ng kawanggawa o mga programa sa pagbabayad ng bawas (discount) para sa mga pasyente na hindi kayang bayaran ang kanilang mga singil sa ospital. Tanungin mo sa opisina ng pagsingil sa ospital para sa aplikasiyon at ang kanilang patakaran. Kung tumangi silang ibigay ito maaari mong ma-access ang parehong sa webside ng estado: www.syfphr.oshpd.ca.gov/FacilityList.aspx

## Nasaktan ka sa trabaho habang ay gumagawa ka ng trabaho sa inyong kumpanya?

Dapat kang makipag-usap sa iyong" employer" tungkol sa pag gamit ng "Worker's Compensation claim" Ang "Worker's Compensation" ang magbabayad para sa iyong pangagalagang medical upang gamutin ang mga nasaktan habang gumagawa ka ng isang bagay para sa iyong tagapag-empleyo. Ang "bar association" kung saan kayo nakatira maaring magbigay sa iyo ng "referral" sa isang abogado para sa "Worker's Compensation.o. Pumunta sa www.calbar.ca.gov/Public/Need-Legal-Help/ or tumawag ka sa (866) 442-2529 para sa karagdagan impormasiyon.

## Ang utang medical ba ay mula sa pagsaktan gawa ng ibang tao?

Makipag-usap sa abogado na may kaso ng "personal injury". Maaaring may karapatan kang makakuha ng pera mula sa taong nakasaktan sa iyo. Ang "bar association"kung saan ka nakatira ay maaring magbigay sa iyo ng "referral" para sa pribadong abogado. Pumunta sa www.calbar.ca.gov/Public/Need-Legal-Help/or tumawag sa (866)422-2529 para sa karagdagan impormasiyon.

**Kung kailangan mo ng tulong kung alin sa mga opsyon na ito, ang makakatulong sa iyo tawagan mo ang "Health Consumer Alliance" sa (888) 804-3536 para sa libre at kumpidensial na legal na tulong.**